



Mga Pagsusuri sa Kalusugan para sa COVID-19 sa Mga Paaralan, Childcare, at Programa para sa Mga Bata at Teenager

NA-UPDATE NOONG Agosto 10, 2020

Ang sumusunod na gabay ay binuo ng Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng San Francisco (San Francisco Department of Public Health) para sa paggamit ng mga paaralan, childcare, at programa para sa mga bata at teenager. Ipo-post ito sa <http://www.sfcdcp.org>. Puwedeng magbago ang sheet na ito habang naa-update ang impormasyon.

AUDIENCE: Mga programang nagsi-screen ng mga bata at teenager na dumarating sa kanilang mga programa para sa mga sintomas ng COVID-19.

Buod ng Mga Pagbabago sa Gabay mula sa 6/9/2020 na Bersyon

Na-update ang gabay para ipakita ang mga update ng Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit (Centers for Disease Control and Prevention, CDC)


- Mga update tungkol sa mga pamantayan sa pagbalik sa paaralan
- Mga update tungkol sa mga tanong sa pag-screen
- Karagdagang Mga Madalas Itanong (Frequently Asked Questions, FAQ) tungkol sa kahulugan ng “grupo” at “malapit na contact”

BACKGROUND: Inaatasan ng Utos sa Kalusugan ng San Francisco ang mga bata at teenager sa mga paaralan, childcare, at iba pang programa para sa mga bata at teenager na magsuri para sa lagnat at iba pang sintomas ng COVID-19 bawat araw bago sila tumanggap ng mga bata sa programa. Nakabuod sa dokumentong ito kung sino ang dapat suriin, paano magsagawa ng mga pagsusuri, at ang mga kundisyong dapat matugunan bago bumalik ang isang bata sa isang programa pagkatapos ng mga sintomas ng COVID-19.

Para sa partikular na gabay tungkol sa pagsasagawa ng screening kung may sintomas at sa pagkuha ng temperatura ng nasa hustong gulang, tingnan ang [Pagbibigay ng Mga Tanong para sa Screening ng COVID-19 sa Anumang Negosyo, Organisasyon o Pasilidad \(Asking COVID-19 Screening Questions at Any Business, Organization or Facility\)](#).

Mga Pagsusuri sa Kalusugan sa COVID-19: Sino ang Dapat Mong I-screen

Ang lahat ng taong papasok sa paaralan, programa sa teenager, o pasilidad ng childcare ay dapat tanungin tungkol sa mga sintomas ng at pagkakarantad sa COVID-19, kasama na ang kawani, bata, magulang/tagapangalaga, tagapag-alaga, kontratista, at bisita.



- Hindi kailangang suriin ang mga tauhang pang-emergency na tumutugon sa 9-1-1 na tawag.
- Hindi dapat payagan sa campus ang mga adult na may mga sintomas ng o nailantad sa COVID-19.
- Dapat pauwiin ang mga mag-aaral na may mga sintomas. Panatiliing nasa nakatalagang isolation room ang mga mag-aaral na naghihintay na masundo.



Pagsusuri para sa Sintomas: Ano ang Dapat Itanong at Ano Ang Dapat Hanapin

May dalawang bahagi ang pagsusuri para sa sintomas, ang pagtatanong at ang pagtingin kung mukhang may sakit ang bata.

Itanong sa magulang o tagapangalaga ang sumusunod

Puwedeng sagutin ng mga magulang/tagapag-alaga ang mga ito sa pamamagitan ng email, app, o online na form, o iba pang paraan ng komunikasyon bago dumating ang bata sa araw na iyon. Dapat maipadala ang lahat ng sagot sa araw kung kailan darating ang bata.

- Nagkaroon ba ang iyong anak ng **malapit na contact** sa isang taong may kumpirmadong COVID-19?

Para sa mga batang wala pang 12 taong gulang, ang ibig sabihin ng **malapit na contact** ay nasa iisang pod/grupo ang bata sa isa pang bata o nasa hustong gulang na may COVID-19. Mayroon ding malapit na contact kung ang bata ay nasa 6 na talampakan mula sa isang taong may kumpirmadong COVID-19 sa loob ng 15 minuto o mas matagal.

- Nararanasan ba ng iyong anak ang alinman sa mga **sintomas** na ito?
 - Mga lagnat o panginginig O kaya temperatura 100.4 degrees Fahrenheit o mas mataas
 - Panakit ng lalamunan
 - Bagong hindi nakokontrol na pag-ubo na nagdudulot ng kahirapan sa paghinga (para sa mga mag-aaral na may chronic allergic/ asthmatic na ubo, isang pagbabago sa kanyang ubo mula sa baseline)
 - Pagtatae, pagsusuka, o panakit ng tiyan
 - Bagong pagsisimula ng matinding sakit ng ulo, lalo na kung may sakit

Biswal na pagsusuri

Nagbibigay-daan ang biswal na pagsusuri sa isang programang pauwiin ang isang bata kung mukhang may sakit ang bata pagkarating niya, kahit na sabihin ng magulang o tagapag-alaga na walang sintomas ang bata. Suriin ang bata o teenager para sa mga senyales ng karamdaman gaya ng pamumula ng pisngi, hirap sa paghinga, pagkahapo, o labis na pagkabalisa. Kung namumula ang bata o kung mabilis ang kanyang paghinga dahil sa init o pag-eehersisyo, hayaan muna siyang magpahinga, pagkatapos ay tingnan kung mukha pa rin siyang may sakit.

Pagkuha ng temperatura

Hindi iniaatas ng SFDPH ang pagkuha ng temperatura. Kung pipiliin mong magsagawa ng pagkuha ng temperatura inirekomenda ng SFDPH ang mga “non-touch” na thermometer; ang mga thermometer na idinidikit sa bata (sa ilalim ng dila o kilikili, sa noo, atbp.) ay dapat lang gamitin kapag naghihinala ang staff na mayroong lagnat o sakit ang bata



Bagama't hindi ipinag-aatas, posibleng piliin ng mga programa na kailanganin ang pagkuha ng temperatura ng mga taong papasok sa gusali, na gagawin sa site o sa bahay sa tulong ng mga magulang/tagapag-alaga. Puwedeng bigyang-daan ng mga programa ang mga magulang na ipaalam ito sa kanila sa pamamagitan ng email, online na form, o iba pang paraan ng komunikasyon.

- Ayon sa [CCLD/CDSS](#), ang mga programa sa childcare na pumili sa pagkuha ng mga temperatura sa pagdating ng mga bata at/or kawani ay puwede lang gumamit ng mga "non-touch" (infrared) na thermometer para sa mga regular na pagsusuring ito.
- Para sa gabay sa ligtas na pagkuha ng mga temperatura, tingnan ang <https://www.sfcidcp.org/temperature>

Kung ang isang bata ay may temperatura na 100.4 degrees Fahrenheit o mas mataas, pauwiin siya.

Mga ipinag-aatas para sa pagbabalik ng bata sa isang Paaralan, Childcare, o Programa para sa Mga Bata at Teenager pagkatapos ng Mga Sintomas ng COVID-19

Kung susuriin ang bata, puwede siyang bumalik pagkatapos ng:

- Negatibong pagsusuri para sa COVID-19, AT
- 24 na oras na walang lagnat, nang hindi umiinom ng gamot para mapababa ang lagnat, gaya ng acetaminophen (Tylenol) o ibuprofen (Advil, Motrin), AT
- bumuti na ang mga sintomas. Hindi kailangang ganap na wala na ang mga sintomas.

Dapat magpakita ang magulang/tagapangalaga ng dokumentasyon ng negatibong pagsusuri ng bata, halimbawa, ng kopya ng resulta o mensahe mula sa klinika o site ng pagsusuri na negatibo ang naturang pagsusuri. Puwedeng nasa electronic na anyo ito. Hindi kinakailangan ng hiwalay na tala ng doktor.

Kadalasan, ito ang pinakamabilis na paraan para makabalik ang bata.

Kung hindi susuriin ang bata, puwede siyang bumalik pagkalipas ng

- 10 araw mula noong magsimula ang mga sintomas
- Bumuti na ang mga sintomas.
- Walang lagnat sa loob ng 24 na oras, nang hindi gumagamit ng mga gamot na pampababa ng lagnat gaya ng acetaminophen (Tylenol), ibuprofen (Motrin, Advil), o naproxen (Aleve)

Hindi kinakailangan ng tala mula sa klinika o ng tala ng doktor.

Mga exception: Doctor's Note o Clinic Note

Kung may tala mula sa doktor o klinika ang isang magulang/tagapag-alaga na nagsasabing puwedeng bumalik nang mas maaga ang bata, dapat tanggapin ng programa ang tala, kahit na sabihin ng magulang/tagapag-alaga na hindi nasuri ang bata para sa COVID-19. Puwedeng email, electronic na mensahe, o bahagi ng buod pagkatapos ng pagpapatingin ang nasabing tala. Hindi ito karaniwan.

Kung minsan, malinaw na iba ang dahilan ng mga sintomas ng isang bata, gaya ng strep throat o hand-foot-and-mouth disease. Sa ganitong sitwasyon, puwedeng i-clear ng provider ang isang bata para bumalik sa



camp o childcare. Hindi ito nangangahulugang walang COVID-19 ang bata. Maraming batang may COVID-19 ang walang anumang sintomas. Ang ibig sabihin lang nito, nakakita ng partikular na sanhi, na iba pa sa COVID-19, para sa mga sintomas na naging dahilan para hindi makabalik ang bata sa programa.

Ang dapat gawin kung kailangang pauwiin ang isang bata

- Sabihin sa magulang o tagapangalaga na hindi makakasama ang bata sa programa sa araw na iyon.
- Sabihan siyang makipag-ugnayan sa kanyang regular na doktor or klinika.
- Ibigay sa kanya ang handout na "Para sa Mga Magulang at Tagapag-alaga: Mga Pagsusuri sa Kalusugan para sa COVID-19 sa Mga Paaralan, Childcare, at Programa para sa Mga Bata at Teenager". (Tingnan ang mga materyal sa <https://www.sfcddcp.org/>.) Inililista ng handout ng magulang ang mga kundisyong kinakailangan para makabalik ang bata sa programa, at mayroon itong mga tagubilin sa kung paano magpasuri.
- Ipaalala sa magulang/tagapag-alaga na dapat manatili sa bahay ang bata hanggang sa matugunan niya ang mga kundisyon ng pagbalik sa programa.

Mga Madalas Itanong

Ano ang kahulugan ng "pod" o "grupo"?

Ang isang grupo ay isang hindi nagbabagong grupo na may nakapirming grupo na nananatili nang magkakasama para sa lahat ng aktibidad (hal., tanghalian, recess, atbp.) at umiiwas sa contact sa ibang tao o grupo

Ano ang kahulugan ng "malapit na contact"?

Tinutukoy ang malapit na contact bilang tao na < 6 na talampakan mula sa may impeksyong tao sa loob ng > 15 minuto. Para sa mga grupo ng mga batang wala pang 12 taong gulang, itinuturing ng SFDPH ang lahat ng tauhan at bata na magkakasama sa isang grupo bilang mga malapit na grupo. Para sa mga grupo anuman ang edad, kung ang mga tao ay gumugol ng oras nang magkasama indoors, posibleng kailangang ituring na nalantad ang buong grupo, klase, o iba pang grupo.

Paano kung hindi sigurado ang magulang/tagapag-alaga kung "Oo" ang isasagot sa tanong tungkol sa sintomas?

Hilingin sa magulang/tagapag-alaga na pagtuunan kung BAGO o IBA ang sintomas sa pangkaraniwang karamdaman ng kanyang anak, o kung hindi ito MAIPALIWANAG. Hikapatin ang magulang/tagapag-alaga na magtiwala sa kanyang nararamdaman. Halimbawa.

- May hika ang bata. Madalas siyang ubuhin kapag nag-eehersisyo o may allergy.
 - Pangkaraniwan ang ubo niya → HINDI, hindi ito bago o iba.
 - Iba ang tunog ng kanyang ubo at mas madalas ang kanyang pag-ubo → OO, iba ito kaysa sa karaniwan



Paano kung sasabihin ng magulang/tagapag-alaga na hindi niya maipapasuri ang bata?

- Tanungin kung tumawag na siya sa tatlong lugar na ito:
 - Regular na doktor o klinika ng kanyang anak (mas pinipili)
 - Call Center ng SFDPH para sa Appointment ng Bagong Pasyente para sa COVID-19 sa 415-682-1740 kung walang insurance
 - Mission Neighborhood Health Center sa 415-552-3870 x2217
- Mag-email o tumawag sa Hub ng Mga Paaralan at Childcare ng SFDPH kung ang magulang ay hindi pa rin makakapagpasuri sa (415)-554-2830, Pindutin ang 1 para sa COVID-19, pagkatapos ay pindutin ang 6 para sa Mga Paaralan
Email: Schoolschildcaresites@sfdph.org



Sheet ng Pagsusuri ng Kalusugan para sa COVID-19 para sa Mga Bata at Teenager

Bago magsimula

Alamin kung lumiban o pinauwi ang bata dahil mayroon siyang sakit. Kung oo, tiyaking makakatugon siya sa mga kundisyong kinakailangan para makabalik sa programa bago mo simulan ang pagsusuri ng kalusugan para sa COVID-19.

Simulan ang pag-screen nang hiwalay sa bata nang 6 na talampakan o sa pamamagitan ng partisyon.

Hakbang 1: Magtanong at maghanap ng mga sintomas

Ang iyong anak ba ay nagkaroon ng malapit na contact sa isang taong may kumpirmadong COVID-19 nang hindi bababa sa 15 minuto sa loob ng 6 na talampakan o sa loob ng isang pod/grupo (kung wala pang 12 taong gulang)?	OO/HINDI
--	----------

<p>Nararanasan ba ng iyong anak ang alinman sa mga sintomas na ito?</p> <ul style="list-style-type: none"> • Mga lagnat o pangingingig O kaya temperatura 100.4 degrees Fahrenheit o mas mataas • Pananakit ng lalamunan • Bagong hindi nakontrol na pag-ubo na nagdudulot ng kahirapan sa paghinga (para sa mga mag-aaral na may chronic allergic/ asthmatic na ubo, isang pagbabago sa kanyang ubo mula sa baseline) • Pagtatae, pagsusuka, o pananakit ng tiyan • Bagong pagsisimula ng matinding sakit ng ulo, lalo na kung may sakit 	OO/HINDI
--	----------

Tingnan ang bata. Mukha ba siyang may sakit? Maghanap ng mga senyales gaya ng pamumula ng pisngi, hirap sa paghinga, pagkahapo, o labis na pagkabalisa. Kung namumula o hinihinal ang bata dahil sa pag-eehersisyo, hayaan muna siyang magpahinga.

Mukhang may sakit ang bata	OO/HINDI
----------------------------	----------

Kung OO sa alinman O kaya mukhang may karamdaman ang bata

→→→ PAUWIIN (tingnan ang mga tagubilin sa ibaba)


Kung HINDI sa lahat ng sintomas AT mukhang ayos ang bata AT pinili ng programa na magsagawa ng pag-screen ng temperatura

→→→ PUMUNTA SA HAKBANG 2.

Hakbang 2 (opsyonal): Kunin ang temperatura gamit ang isang no touch na thermometer

Palapitin ang bata. Panatilihin ang iyong mukha sa likod ng partisyon.

Temperaturang 100.4°F pataas	OO/HINDI
------------------------------	----------



Kung OO, ang temperatura ay 100.4°F pataas

→→→ PAUWIIN (tingnan ang mga tagubilin sa ibaba)

Kung HINDI

**→→→ Puwedeng pumasok ang bata
Sabihin sa bata ang “Maghugas ka na ng kamay.”**

Pauwiin

Ibigay sa magulang/tagapag-alaga ang isang kopya ng “Para sa Mga Magulang at Tagapag-alaga: Mga Pagsusuri sa Kalusugan para sa COVID-19 sa Mga Paaralan, Childcare, at Programa para sa Mga Bata at Teenager”. (Tingnan ang mga materyal sa <https://www.sfcddp.org/>)

Isadokumentong pinauwi ang bata dahil sa lagnat o mga sintomas. Tandaan na magprotekta nang may kumpiyansa!